Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Konseho sa Paninigarilyo at Kalusugan ng Hong Kong

Ang Konseho sa Paninigarilyo at Kalusugan ng Hong Kong (COSH) ay itinatag noong 1987. Isa itong katawan ng batas na ginawaran ng mga tungkulin, tulad ng nakasaad sa "Konseho sa Paninigarilyo at Kalusugan ng Hong Kong" (Cap 389) upang protektahan at pagbutihin ang kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng (1) pagbibigay-alam at pagtuturo sa publiko sa mga pinsala ng paninigarilyo at ang masamang epekto nito sa kalusugan; (2) pagsasagawa at pag-uugnay ng mga pagsisiyasat sa sanhi, pagpigil at paggamot sa pagiging dependente sa tabako; at (3) pagpapayo sa Pamahalaan, mga organisasyon ng kalusugan sa komunidad o anumang pampublikong pangkat sa mga bagay na kaugnay sa paninigarilyo at kalusugan.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ginaganap ang mga gawaing pagtuturo at pagsasapubliko upang maitaguyod ang pamumuhay na malaya sa paninigarilyo at pagtigil sa paninigarilyo ng masang publiko ng Hong Kong. Maaari ring makuha ang impormasyon sa paninigarilyo at kalusugan.

Umiiral na Mga Panukala

- Ang COSH ay nakikipagtulungan sa mga kasamahan sa gawain upang maikalat ang mga mensaheng malaya sa paninigarilyo sa masang publiko. Ang Serbisyong Kalusugang Pangkomunidad ng United Christian Nethersole (UCNCHS), na pinondohan ng Kagawarang Pangkalusugan para magtaguyod ng pangkalahatang serbisyo sa pagtigil ng paninigarilyo sa mga taong magkakaibang lahi at mga bagong dayo. Sila ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pagtigil ng paninigarilyo na tumutugon sa mga pagkakaiba sa wika at kultura at nagtataguyod sa Hong Kong ng kulturang malaya sa paninigarilyo bilang modelo sa mga taong magkakaibang lahi at bagong dayo. Ang UCNCHS ay isa sa mga masigasig na kasamahan ng COSH sa mga gawain. Ang pinakabagong impormasyon sa paninigarilyo at pagkontrol sa tabako ay ipinakalat sa organisasyon, at sila ay inaanyayahang aktibong lumahok sa mga gawaing inayos ng COSH. Ang mga kinatawan na mula sa iba't ibang lahi ay inaanyayahan ding dumalo upang

maipahayag ang kanilang mga opinyon at pananaw sa mga patakaran sa pagkontrol ng tabako ng Pamahalaan.

- Ang mga serbisyo ng UCNCHS ay pana-panahong isinasapubliko sa iba't ibang mga plataporma, hal. mga pampublikong kaganapan, mga kagamitang pang-edukasyon at social media, atbp. upang madagdagan ang kamalayan at paggamit ng mga nakalantad na mga impormasyon sa publiko, lalo na ang kanilang mga target sa serbisyo.

- Ang COSH ay nakikipagtulungan sa UCNCHS at ibang mga organisasyong pang-komunidad upang mag-ayos ng mga gawaing pagtataguyod mula noong 2018, target ang parehong nagsasalita at di-nagsasalita ng tsinong mga residente ng Hong Kong. Ang mga kawani at boluntaryo ng iba't ibang lahi ay sinanay din bilang mga embahador upang maikalat ang mga mensaheng malaya sa paninigarilyo sa maraming tao sa kanilang mga etnikong pangkat.

- Ang pagsasangguni sa mga serbisyo sa pagtigil ng paninigarilyo na pinasadyang-yari sa mga taong magkakaibang lahi ay isasaayos, upang makatanggap sila ng mga angkop na payo at pamamaraan upang huminto sa paninigarilyo. Ang mga polyetong nasa wika ng magkakaibang lahi ay ibibigay kung naaangkop.

Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap

- Ang mga panukala sa itaas ay madalas ng sinusuri at tinitimbang, kabilang kung gaano kadalas ang paggamit ng serbisyo at bilang ng mga tagagamit. Ang mga panukala ay inaayos kung kinakailangan.

Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad

- Ang COSH ay patuloy na magpapanatili sa mga panukala sa itaas at susuriin upang mapabuti ang pakikipagtulungan sa iba't ibang mga organisasyong pang-komunidad upang mapanindigan ang konseptong malaya sa paninigarilyo sa mga tao sa lahat ng lahi. Ginagawa rin ang mga kagamitang pagsasapubliko sa iba't ibang wika upang mapabuti ang pagkakapantay-pantay ng lahi.

- Mag-aayos ng pagsasanay upang mapahusay ang pagiging sensitibo at pag-unawa ng mga kawani sa mga isyung nauugnay sa lahi sa pangkalahatan.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa Nakatataas na Tagapamahala ng Proyekto, G. Lawrence CHU sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono	:	2185 6388
Fax	:	2575 3966
Email	:	enq@cosh.org.hk
Postal Address	:	Unit 4402-03, 44/F, Hopewell Centre, 183 Queen's Road East, Wanchai, Hong Kong.

Konseho sa Paninigarilyo at Kalusugan ng Hong Kong
Hunyo 2020